



WHAT IS ISLAM?
FILIPINO TRANSLATION
(Philippines)

Ano Ang Islam?

TRANSLATED BY:

Hmedraouf Sulaiman | +639261055788

Hadhrami Salih | +27 76 879 5037

ABU ZAYD
INSTITUTE

THEABUZAYDINSTITUTE@GMAIL.COM | +27 61 625 6070

NILALAMAN

1.	PANIMULA	3-6
2.	ANG KAHULUGAN NG ISLAM	7-9
3.	ANG 5 HALIGI NG ISLAM	10-24
4.	BAKIT TAYO NILIKHAAT ANG KASAYSAYAN NG ATING PAG IRAL?	25-27
5.	ANG MALALAKING KASALANAN SA ISLAM	28-29
6.	ANG IYONG PANANAMPALATAYA SA ISLAM	30
7.	PAGSALUNGAT SA IYONG MGA PANINIWALA	31-39
8.	ANG KATIBAYAN NG QURAN	40-50
9.	KONGKLUSYON	51-52

1. PANIMULA

LAHAT NG PAPURI AY PARA KAY ALLAH, AT NAWA'Y IPAGKALOOB ANG MGA PAGBATI AT KAPAYAPAAAN SA ATING PROPETA NA SI MUHAMMAD (SUMAKANIYA NAWA ANG KAPAYAPAAAN).

Ang layunin ng munting aklat na ito ay pangunahing magbigay ng impormasyon sa mga taong nais matuto nang higit pa tungkol sa Islam at sa mga naghahangad ng maikling pagpapaliwanag tungkol dito. Gayundin, ito ay para sa mga tumanggap na ng Islam ngunit bago pa lamang sa pananampalatayang ito.

A. Para sa mga taong nais matuto nang higit pa tungkol sa Islam:

Nawa'y gabayan ka ni Allah sa tuwid na landas. Unawain mo na ito rin ay isang biyaya mula kay Allah (Diyos). May isang alipin na babae na minsang nagdasal sa mga unang oras ng umaga. Habang siya ay nananalangin, narinig siya ng kanyang amo mula sa bakuran at nadinig niya itong nagsusumamo, na sinasabi:

“Dahil sa pag-ibig Mo sa akin, O Allah (Diyos).” Kaagad siyang pinagsabihan ng kanyang amo at itinuwid, na mas nararapat daw sabihin niya: **“Dahil sa pag-ibig ko sa Iyo, O Allah (Diyos)”** at hindi **“Dahil sa pag-ibig Mo sa akin.”**

Ang ibig sabihin ng kanyang amo ay, bilang isang makasalanan, hindi niya maaaring angkinin ang pag-ibig ni Allah (Diyos) para sa kanya. Subalit, maganda ang naging tugon ng alipin: **“Kung hindi dahil sa pag-ibig ni Allah (Diyos) sa akin, hindi Niya ako bibigyan ng kakayahan upang manalangin sa Kanya.”**

Unawain mong mabuti, walang anumang umiiral, walang nagaganap, at walang nangyayari nang walang kalooban ni Allah (Diyos).

Kaya ikaw, bilang mambabasa ng aklat na ito, maging ito man ay dahil nais mong matuto tungkol sa Islam, para sa pag-aaral, para hanapan ng mali ang relihiyong Islam, o anuman ang iyong layunin, ay binabasa mo ito dahil ito ay itinadhana mismo ni Allah (Diyos). Ang pagkakataong mabasa mo ang aklat na ito, na maaaring hindi makamtan ng marami, ay dahil sa pahintulot ni Allah (Diyos). Ito ang

katotohanan. Ngayon, pagnilayan mo ang kahulugan nito at hayaang gabayan ka Niya ayon dito.

**Nawa'y pagpalain ka ni Allah (Diyos),
gayundin ang may-akda. Aameen.**

B. Para sa mga tumanggap na ng Islam:

Maligayang pagdating sa relihiyon ng kapayapaan, kapatid na lalaki/kapatid na babae. Nawa'y manatili tayo sa tuwid na landas, ang landas ng mga taong ginabayan, at hindi ng mga naligaw.

Sinabi ng Propeta Muhammad (sumakaniya nawa ang kapayapaan) na ang sinumang tumanggap sa Islam ay nililinis mula sa lahat ng kasalanang nagawa niya bago pa man iyon, at ang kanyang kalagayan ay tulad ng isang bagong silang na sanggol, malinis at walang kasalanan.

Kahit ano pa ang iyong nakaraan, lahat ng iyon ay nabubura sa iyong pagyakap sa Islam. Gaano nga ba ka-maawain ang iyong Panginoon.

Ang aklat na ito ay magbibigay ng maikling paglalahad sa mga mahahalagang aspeto ng Islam. Marami sa ating mga kasamahan at mga taong nakakasalamuha natin ang nagtanong tungkol sa tunay na kahulugan ng Islam, sapagkat ang midya, sa pamamagitan ng propaganda, ay binago at pinilipit ang tunay na kahulugan nito, at naitanim sa isipan ng nakararami ang maling pagkaunawa tungkol dito.

Dahil dito, umaasa kami, kung kalooban ni Allah (Diyos), na ang aklat na ito ay magbibigay sa iyo ng pangunahing pag-unawa kung ano talaga ang Islam.

2. ANO ANG ISLAM?

Ang salitang Islam ay literal na nangangahulugang “*Kapayapaan*” at “*Pagsuko* (sa Allah)”.

2.1. Kapayapaan:

Ang Islam ay isang relihiyon na naghihikayat ng pagpapalaganap ng kapayapaan sa lahat ng nilikha ng Allah (Diyos), maging ito man ay tao o iba pang nilalang. Ang pagbati sa pagitan ng dalawang Muslim, na karamihan sa mga tao ay narinig na, na “Assalaamualaikum,” ay nangangahulugang “Nawa’y sumainyo ang kapayapaan.” Ginagamit ng media ang maling impormasyon upang ipaniwala sa mga tao na ang Islam ay relihiyon ng terorismo. Ang mga titulong “suicide bomber” at “terorista” ay karaniwang iniuugnay ng media sa Islam. Gayunpaman, kahit sinong may malay ay makakaunawa:

Hindi kailanman tiyak ang katotohanan sa sinasabi ng media. Halos palaging hindi tapat ang media at sinusubukang itulak ang isang bias na agenda. Makikita rin natin ito sa politika! Ang simpleng pagbanggit ng balita na ang pumatay ay

isang Muslim (naniniwala sa Islam) ay hindi nangangahulugang siya nga ay tunay na sumusunod sa Islam. Napakawalang-hiya kung paniniwalaan natin ang lahat ng nababasa o naririnig natin sa media.

Higit sa lahat, kahit pa ang sinasabing terorista ay tunay nga na Muslim, hindi nito ipinapahiwatig na ang relihiyon mismo ay nagtuturo o humihikayat ng kasalanan. Para itong sabihing naniniwala ang Hinduismo sa panggagahasa dahil sa isang Hindu na gumawa ng panggagahasa, o na itinuturo ng Hinduismo ang pakikiapid dahil maraming Hindu ang nagkakaroon nito. Ito ay labis na walang katuturan.

2.2. Pagsuko (sa Allah):

Pangalawa, ang Islam ay nangangahulugang: pagsusuko o pagsuko ng sarili sa Allah (Diyos). Ang pagsusuko sa Allah (Diyos) ay nangangahulugang sasambahin mo lamang si Allah (Diyos) at mauunawaan mo na ang layunin ng iyong pag-iral ay ganap na maging tapat at deboto sa Kanya lamang. Ang pagsusuko sa Allah (Diyos) ay nangangahulugang isusuko mo ang lahat ng

ipinagbabawal Niya at isasagawa mo ang lahat
ng Kanyang ipinag-uutos.

3. LIMANG HALIGI NG ISLAM

Sinabi ni Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan) na ang Islam ay nakatayo sa 5 haligi. Ipinaliliwanag natin ang bawat haligi sa mga sumusunod na bahagi.

3.1. ANG UNANG HALIGI: Pananampalataya (Imaan)

Imaan (Pananampalataya)

Ang Imaan ay pananampalataya. Ito ay ang lubos na paniniwala, nang walang anumang pag-aalinlangan, sa mga pangunahing paniniwala ng Islam. Kasama dito ang paniniwala sa:

3.1.1. Paniniwala sa iisang Allah (Diyos)

Bilang mga Muslim, naniniwala tayo na:

- Ang Allah (Diyos) ay ISA lamang.
- Ang Allah (Diyos) ay walang hanggan.
- Ang Allah (Diyos) ay hindi nilikha at walang anak.
- Ang Allah (Diyos) ay natatangi. Walang katulad Niya.

- Ang Allah (Diyos) ay hindi tao.
- Ang Allah (Diyos) ay pinakamakapangyarihan.
- Walang sinumang makakagawa nang wala ang Kanyang kautusan at kapangyarihan.

Hindi tulad ng Hinduismo, Kristiyanismo, at Paganismo, naniniwala ang mga Muslim na iisa lamang ang Allah (Diyos) at walang iba pa.

Hindi tulad ng Kristiyanismo, naniniwala ang mga Muslim na si Isaa/Hesus (sumakanya ang kapayapaan) ay hindi Allah (Diyos), kundi isang propeta ng Allah (Diyos), gaya nina Ibraheem (Abraham), Nooh (Noah), Musa (Moses), at iba pa.

3.1.2. Paniniwala sa mga Anghel

Tulad ng mga Kristiyano, Hudyo, at iba pang relihiyon, naniniwala rin ang mga Muslim sa mga Anghel. Naniniwala ang mga Muslim na ang mga Anghel, hindi tulad ng tao, ay walang kapintasan (perpekto at walang kasalanan). Sila ay laging sumasamba sa Allah (Diyos), at ang

ilan sa kanila ay itinalaga sa mga tiyak na tungkulin at responsibilidad.

May mga Anghel na namamahala sa panahon at klima, may itinalagang kumukuha ng buhay (kamatayan), at pinakasikat sa iba pang relihiyon tulad ng Kristiyanismo at Hudaismo ay si Jibraeel (kilala bilang Gabriel sa Ingles), ang Anghel na responsable sa paghahatid ng mga rebelasyon sa mga piniling propeta ng Allah

(Diyos).

Gayunpaman, mahalagang tandaan na kahit may kanya-kanyang tungkulin ang mga Anghel, hindi nila maisasakatuparan ang kanilang mga gawain nang walang utos at kapangyarihan ng Allah (Diyos).

3.1.3. Paniniwala sa mga Ipinahayag na mga Aklat

Paniniwala sa mga Aklat ng Diyos Sa Islam, naniniwala ang mga Muslim sa ORIHINAL na mga aklat na ibinigay sa mga propeta:

- Ang Torah na ibinigay kay Moosa (Moses).

- Ang Zaboor (kasulatan) na ibinigay kay Dawood (David).
- Ang Injeel (Ebanghelyo/Bible) na ibinigay kay Isaa (Jesus).
- Ang Quran na ibinigay kay Muhammad (sumakanya ang kapayapaan).

Bilang mga Muslim, naniniwala tayo sa bawat ORIHINAL na aklat. Gayunpaman, sa panahon ng bawat propeta, ang aklat na iyon ang dapat sundin. Ngayon, sa panahon ng Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan), ang Quran lamang ang dapat sundin, at walang ibang aklat.

Tandaan:

- ❖ Naniniwala ang mga Hudyo kay Moosa (sumakanya ang kapayapaan) at sa aklat na ibinigay sa kanya (Torah), ngunit naniniwala rin sila na si Dawood (David) ay hindi binigyan ng aklat, kundi isang matuwid na tao lamang. Tinanggi nila si Isaa (Jesus) at si Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) bilang mga propeta at sinabing sila ay nagsisinungaling. Naniniwala sila na ang

mga aklat na ipinapalagay nilang ibinigay sa kanila ay isinulat mismo ng mga propeta, at hindi ipinahayag ng Diyos.

- ❖ Naniniwala ang mga Kristiyano kay Isaa (Jesus) at sa aklat (Bible/Injeel) na ibinigay sa kanya. Naniniwala rin sila kay Moosa (Moses) at sa mga naunang propeta, ngunit naniniwala silang ang Bible ang kasalukuyang aklat ng gabay, na pumalit sa mga naunang aklat. Tinanggi nila si Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) at sinabing siya ang sumulat ng Quran, kaya sa kanilang paniniwala, siya ay nagsinungaling at pinilit ipalagay na ang Quran ay ipinahayag ng Allah.
- ❖ Naniniwala ang mga Muslim sa aklat na ibinigay kay Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan), ang Quran, bilang gabay sa buhay. Naniniwala rin tayo kay Isaa (Jesus), Moosa (Moses), at sa mga naunang propeta, ngunit naniniwala tayong ang bawat bansa o henerasyon ay may propeta na dapat sundin. Sa panahong ito, ang panahong saklaw ng Propeta

Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) hanggang sa Araw ng Paghuhukom, ang Quran lamang ang dapat sundin upang makamtan ang tagumpay at kaligtasan. Halimbawa, kung nabuhay ang isang tao noong panahon ni Isaa (peace be upon him), ang aklat ng gabay ay ang Bible, at ang mga sumunod dito ay nasa tuwid na landas. Ang mga hindi sumunod dito ay naligaw. Sa kasalukuyang panahon, na panahon ng Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan), kinakailangang sundin ang Quran upang maging matagumpay at mailigtas.

3.1.4. Paniniwala sa mga Propeta

Naniniwala ang mga Muslim, pati na rin ang mga Kristiyano at Hudyo, na pinili ng Allah (Diyos) ang mga Propeta mula sa iba't ibang grupo ng tao upang ipagkatiwala sa kanila ang tungkulin ng pagtawag sa mga tao sa tuwid na landas. Ang mga Propeta ay binigyan ng tungkulin na babalaan ang mga tao laban sa paggawa ng kasalanan at hikayatin sila sa paggawa ng mabubuting gawa. Ilan sa mga kilalang Propeta na alam ng karamihan ay sina:

Ebrahim (Abraham), Nooh (Noah), Ismail (Ishmael), at iba pa.

Tulad ng nabanggit:

- Naniniwala ang mga Hudyo kay Moosa (peace be upon him) ngunit tinatanggihan nila si Isaa (Jesus) at si Muhammad (peace be upon him).
- Tinatanggi ng mga Kristiyano si Moosa (peace be upon him) at naniniwala kay Isaa (peace be upon him) ngunit tinatanggihan si Muhammad (peace be upon him).
- Naniniwala ang mga Muslim na sina Moosa (peace be upon him) at Isaa (peace be upon him) ay mga propeta, ngunit si Muhammad (peace be upon him) ang huli at pinakahuling propeta.
- Pagkakaiba sa Kristiyanismo at Islam: Isang pangunahing pagkakaiba ay naniniwala ang mga Kristiyano na si Isaa (peace be upon him) ay Diyos (o bahagi ng Diyos) at hindi tao. Samantalang naniniwala ang mga Muslim na si Isaa

(peace be upon him) ay hindi Diyos, kundi isang propeta lamang.

- Tanong para pagnilayan:
Paano magiging tao si Allah (Diyos)?
Hindi ba ito nagpapaliit sa kadakilaan Niya kung Siya ay ibababa sa katangian ng tao? Kailangan ba ng Allah (Diyos) na matulog, kumain, o umihi gaya ni Isaa (peace be upon him)? Hindi ba nito pinapaliit ang konsepto ng pagiging Allah (Diyos)?

Tandaan:

Pinipili at ipinapadala ng Allah (Diyos) ang mga Propeta para sa gabayan ng sangkatauhan. Sila ay normal na tao na namumuhay kasama ng iba. Pinili sila ni Allah (Diyos) bilang Kanyang mga Propeta matapos ipaloob sa kanila ang mga mahahalagang katangian ng propetismo. Ipinapadala sila sa pamamagitan ng rebelasyon mula sa anghel na si Jibraeel (Gabriel).

Sino si Muhammad?

Si Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ay ipinanganak noong ikaanim na siglo. Bago pa man siya maging Propeta, kilala siya sa kanyang mga tao bilang isang tapat at matuwid na tao. Sa edad na 40, natanggap niya ang rebelasyon ng mga unang talata ng Quran mula sa anghel na si Jibraeel (Gabriel) at ipinagkatiwala sa kanya ang tungkulin bilang Propeta para sa sangkatauhan. Sa simula ng kanyang tungkulin, siya ay pinagtatawanan. Ngunit sa pagtatapos ng kanyang buhay, ang buong Arabian Peninsula ay tumanggap na ng Islam. Ang tagumpay na ito ay naabot sa loob ng 23 taon.

Tandaan:

Bago pa man italaga bilang Propeta, hindi kailanman sumamba si Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) sa anupamang diyus-diyosan o sinuman maliban kay Allah (Diyos).

3.1.5. Paniniwala sa Muling Pagkabuhay, Araw ng Paghuhukom, at Buhay sa Bukas (Aakhirat)

Bawat Muslim ay naniniwala na ang mundong ito ay pansamantala lamang, at bawat kaluluwa ay makakaranas ng kamatayan. Pagkatapos nito, tayong lahat ay muling mabubuhay at pagtitipunin sa harap ni Allah (Diyos) sa tinatawag na “Araw ng Paghuhukom.”

Susukatin ang ating mabubuting gawa laban sa ating masasamang gawa. Ang mga ang mabubuting gawa ay mas marami kaysa sa masasama ay mapupunta sa Paraiso, samantalang ang mga ang masasamang gawa ay mas marami kaysa sa mabuti ay mapupunta sa Impiyerno.

Bukod dito, ang mga taong gumawa ng masasamang gawa ngunit naniniwala sa Islam ay pupunta muna sa Impiyerno upang pagparusahan ang kanilang kasalanan kung sila ay namatay nang hindi nagsisi. Gayunpaman, sa kalaunan ay papayagan silang pumasok sa Paraiso dahil sa kanilang paniniwala sa mga aral ng Islam.

Ito ay isang pangunahing kaibahan sa Kristiyanismo, sapagkat ang mga Kristiyano, sa pamamagitan ng ideya ng kapatawaran (ang pagkamatay ni Hesus sa krus para sa kasalanan ng sangkatauhan), ay naniniwala na lahat ng Kristiyano ay makakapasok sa Paraiso nang hindi sinusuri ang kanilang mga gawa.

Isipin mo na mayroon kang 10 anak. 9 sa kanila ay ganap na masama, at ang isa ay masunuring anak na matuwid. Ngayon isipin mo na labis mong minamahal ang matuwid na anak

at pinapaboran siya: papatayin mo ba ang matuwid na anak at sabihing ang natitirang 9 na anak ay maaari nang gawin ang anumang gusto nila, kahit pa man ang pagpatay at panggagahasa, at sila ay mapapatawad dahil lamang sa pagkamatay ng isang minamahal na matuwid na anak? Makatuwiran ba ito?

Bukod dito, ano ang saysay ng mga banal na batas, tulad ng pagpapakain sa mahihirap at pag-iwas sa malalaking kasalanan gaya ng pagpatay o panggagahasa, kung ang isang tao ay makakapasok pa rin sa Paraiso, kahit pa sinusunod niya ang batas o hindi?

Isipin mo rin na nagbukas ka ng isang paaralan at ikaw ang punong-guro. Para sa mga nasa Grade 1, pinupuntahan mo ang silid-aralan at opisyal na sinasabi sa bawat estudyante na ang tanging dapat nilang matutunan para sa pagsusulit ay na $1+1 = 2$,

upang matagumpay na makapasa at maipasok sa Grade 2.

Ngayon isipin kung ang estudyante ay sinagot na 3, makakapasa ba ang batang iyon at makakausad sa Grade 2?

Sa konklusyon, makatuwiran ba na magkaroon ng mga pamantayan at patakaran kung sa huli, makakapasok ka pa rin sa Paraiso kahit hindi mo sinusunod ang batas?

Ito ay isang napakahalagang kaibahan sa pagitan ng mga Muslim at Kristiyano, sapagkat naniniwala ang mga Muslim na ang apoy ng Impiyerno ay tunay, at ang mga Muslim ay maaari ring mapunta sa apoy kung sila ay nabigo na sundin ang mga batas ng Islam.

TANDAAN: Ipinapakita ng mga estadistika na ang mga taong naniniwala na makakapasok sila sa Paraiso nang hindi natutuklap sa Impiyerno ay mas malamang na pumatay o manggahasa, sapagkat sa kanilang paniniwala, sa anumang paraan ay pupunta rin sila sa Paraiso.

3.2. PANGALAWANG HALIGI: Ang Pagsasamba (Salah)

Ang pagdarasal ay isang kinakailangang tungkulin bilang isang Muslim. Ang mga Muslim ay nagdarasal ng limang beses sa isang araw. Ang una ay bago sumikat ang araw (dawn), ang pangalawa ay sa tanghali, ang pangatlo ay sa

hapon, ang pang-apat ay pagkatapos ng paglubog ng araw, at ang panglima ay sa gabi.

3.3. IKATLONG HALIGI: Kawang gawa (Zakaat)

Habang hinihikayat ang kusang-loob na kawanggawa sa Islam, ang salitang “Zakaat” ay tumutukoy sa obligadong kawanggawa na kailangang bayaran ng mga Muslim bawat taon: 2.5% ng kabuuang yaman ng isang tao ay dapat ibigay bilang zakaat.

May mga Muslim na hindi pinipilitang magbayad nito kung ang kanilang mga ari-arian, pera, at iba pa ay mas mababa sa itinakdang pamantayan. Ang Zakaat ay ibinibigay sa mga mahihirap na Muslim na halos walang kabuhayan.

Ang layunin ng Zakaat ay magbigay para sa pag-ibig kay Allah (Diyos), at upang subukang pagbutihin ang masalimuot na kalagayan ng tao. Ipinapakita ng mga pag-aaral na kung bawat tao ay magbabayad ng Zakaat, mawawala ang kahirapan sa buong mundo.

3.4. PANG APAT NA HALIGI: Pag aayuno (Saum)

Halos lahat ay alam kung ano ang ibig sabihin ng pag-aayuno. Gayunpaman, sa Islam, sa loob ng isang buwan sa isang taon, na tinatawag na 'Ramadhan', obligadong mag-ayuno ang mga Muslim. Mula sa buwang-liwayway (mga 90 minuto bago sumikat ang araw) hanggang sa paglubog ng araw, HINGGILAN ang anumang pagkain o inumin ng nag-aayuno. Hindi rin pinapayagan ang pag-inom ng tubig.

3.5. PANLIMANG HALIGI Ang paglalakbay sa Makkah (Haji)

Ang mga banal na lupain ng mga Muslim ay matatagpuan sa mga lungsod ng Makkah at Madinah sa Saudi Arabia.

Ang Ka'bah ay matatagpuan sa Makkah. Ang mga Muslim ay nagtitipon sa paligid ng Ka'bah at isinasagawa ang tawaaf (ang ritwal ng paglalakad at pagdarasal sa paligid ng Ka'bah ng pitong beses), na may layuning makamit ang pagmamahal ni Allah (Diyos).

Ang Madinah ay nasa humigit-kumulang 500 km mula sa Makkah, at mahalaga ito dahil

naroon ang Masjid (lugar ng pagsamba) ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan), pati na rin ang kanyang libingan.

Tuwing isang taon, may limang araw sa buwan ng Zhul Hijjah (ayon sa kalendaryong Islam) kung saan ang mga Muslim na may kakayahang maglakbay ay pumupunta sa mga banal na lupain upang isagawa ang mga ritwal ng Hajj, minsan sa buong buhay nila.

4. BAKIT TAYO NILIKHA AT ANG KASAYSAYAN NG ATING PAG IRAL?

Naniniwala ang mga Muslim na si Allah (Diyos), matapos likhain ang mundo, ay ipinaalam sa mga anghel na lilikhain Niya ang sangkatauhan upang manirahan sa mundo bilang isang pagsubok. Ang mga susunod sa mga utos ni Allah ay mapupunta sa Paraiso upang mamuhay nang walang hanggan, samantalang ang mga lalabag sa Kanya ay mapupunta sa Impiyerno.

Ipinahayag ng mga anghel ang kanilang pag-aalala tungkol sa paglikha ng tao, na nagsasabing hindi susunod ang tao sa mga utos ni Allah at hindi dapat silang likhain. Ngunit sinabi ni Allah na alam Niya ang katangian ng tao, na noon lamang sila nalaman.

Nilikha ni Allah ang propetang si Adan bilang unang tao, gamit ang buhangin sa kanyang katawan, samantalang ang mga anghel ay gawa sa liwanag, at ang mga jinn ay gawa sa apoy. Upang maipakita ang kataasan ng tao, iniutos ni Allah sa mga anghel na magsujood (magsamba) kay Adan matapos buuin ang kanyang katawan. Nangyari ang kaganapang ito sa langit.

TANDAAN: Ang mga jinn ay nilikha mula sa apoy. Ang iba ay mabuti, ang iba ay masama. Si Satanas ay mula sa mga jinn, kilala sa Islam bilang Iblees o Shaytan.

Sumunod ang mga anghel at sumujood kay Adan, ngunit tumangging sumujood si Iblees dahil sa kayabangan, at sinabi na siya ay gawa sa apoy habang ang tao ay gawa sa luwad. Sinabi niya na hindi nararapat magsujood sa isang nilikha mula sa mas mababang materyal. Dahil dito, pinalayas siya ni Allah mula sa langit. Bago mapalayas, sinabi ni Iblees kay Allah na patutunayan niyang ang tao ay mas mababa sa pamamagitan ng paglayo sa kanila mula sa tamang landas magpakailanman.

Nakaramdam ng pag-iisa si Adan sa Paraiso, kaya nilikha ni Allah si Hawa (Eba) bilang kanyang kasama. Sa kalaunan, ipinadala sina Adan at Hawa sa mundo kung saan maninirahan ang sangkatauhan hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

Binigyan si Adan ng mga batas at alituntunin upang sundin, at para rin sundin ng kanyang mga inapo.

Ang dahilan ng ating pag-iral, sa pinakasimple, ay sumamba kay Allah (Diyos). Ang mundong

ito ay isang pagsubok at pansamantala lamang. Sa limitadong oras na narito tayo, kailangan nating sambahin si Allah at tratuhin ang Kanyang nilikha (tao at hayop) nang may kabutihan at respeto. Higit pa rito, ang ating paniniwala ay dapat naaayon sa mga turo na nabanggit sa itaas.

5. MALALAKING KASALANAN

- Pagsasama ng kapareha kay Allah (Shirk).
- Pabayaang limang araw-araw na pagdarasal.
- Pagpatay.
- Hindi pagbabayad ng Zakat nang walang wastong dahilan.
- Hindi pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan nang walang wastong dahilan.
- Pagsasagawa ng itim na mahika (black magic).
- Hindi pagsasagawa ng Hajj kung may kakayahan.
- Sekswal na relasyon bago ang kasal.
- Pakikipagtalik sa ibang tao habang kasal (adultery).

- Pagpapautang at pagtanggap ng interes (riba).
- Paghiwalay o pagsira ng ugnayan sa pamilya.
- Pag-inom ng alak o anumang nakalalasing.
- Pagkain ng baboy o bulok na karne.
- Kawalang-galang sa mga magulang.
- Maging isang hindi makatarungang pinuno.
- Masamang pakikitungo sa kapwa.
- Kasinungalingan.
- Pakikinig sa musika (depende sa interpretasyon ng ilang iskolar).
- Paninirang-puri sa iba (ghibah).
- Pagnanakaw at iba pang paglabag sa pag-aari ng iba

6. ANG IYONG PANANAMPALATAYA SA ISLAM

Kahit na hindi mo ito tahasang sinabi, o hindi mo pa ito naisip, kung hindi ka naniniwala sa Islam, nangangahulugan ito na sinasabi mo na si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay isang sinungaling – na siya ay hindi isang propeta at ang Quran ay isinulat lamang niya, at hindi ipinahayag ni Allah (Diyos).

Hindi maaaring sabihing ang Quran ay salita ni Allah (Diyos) kung hindi ka isang Muslim. Tulad ng sinasabi sa Quran, walang ibang daan maliban sa landas ng Islam ang tunay na landas.

7. PAGPAWALANG BISA SA IYONG PANINIWALA

Upang mapanatiling maigsi ang booklet na ito, hindi isasagawa ang detalyadong pagtutol sa bawat relihiyon o paniniwalang atheistic.

Dahil nakatira sa Johannesburg, South Africa, ang karamihan sa ating nakakasalamuha na hindi Muslim ay mga Kristiyano. Dahil dito, isasagawa lamang ang isang maikli ngunit malinaw na pagtutol sa Kristiyanismo.

Kung ang mambabasa ay isang atheist o agnostiko, maari kayong makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email (ang aming detalye ay nasa pabalat) upang humiling ng kopya ng aming publikasyon na may pamagat na: "Disproving Atheism in 10 Minutes."

TANDAAN:

Ang Islam ay hindi nagtataguyod ng kawalang-galang o poot. Ang anumang pagtutol sa ibang relihiyon ay para sa paggabay at paliwanag, hindi para manira o magpakita ng kawalang-galang.

i. **PAGTUTOL SA KRISTIYANISMO:**

Maaaring hatiin ang Kristiyanismo sa dalawang kategorya:

7.1. Yung mga naniniwala sa Trinidad:

Ang pangunahing pananampalataya ng mga Kristiyano ay nakasentro sa isang komplikadong pagkaunawa sa Diyos, na kilala bilang Trinidad (Ama; Hesus; Espiritu Santo).

Kapag tinanong, halos lahat ng Kristiyano na aking nakausap ay hindi ganap na nauunawaan ang kalikasan ng Trinidad kapag sinusubukang ipaliwanag ito.

Ang pangunahing paniniwala nila ay:

1. Si Hesus ay banal (divine).
2. Ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay magkapantay at walang simula (co-equal at co-eternal).

Tatalakayin natin ang bawat isa nang hiwalay:

HESUS AY BANAL

Ayon sa doktrina ng Trinidad, si Hesus ay banal. Si Hesus, ang Ama, at ang Espiritu

Santo ay bumubuo ng 1/3 ng kalikasan ng Diyos. Kung gayon:

- Nang inutusan ni Hesus ang kanyang mga disipulo na magdasal, at siya rin mismo ay nagdasal sa pamamagitan ng pagsujood sa lupa [**Mateo 26:39**], kanino siya nagsujood? Sa kanyang sarili ba?
- Sa **Mateo 27:46**, sa pangyayari ng krusipiksyon, si Hesus ay nagsabi ng “Eli, Eli, lema sabachthani” na isinalin bilang “Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?” Kung si Hesus ay Diyos, kanino siya nananalangin? Kung siya ay Diyos, iniwan ba niya ang kanyang sarili?
- Kung si Hesus ay 1/3 ng Diyos, natutulog ba ang Diyos? Kumakain? Gumagamit ng banyo? Maaari bang ito ay ituring na Diyos?
- Pinaniniwalaan ng Kristiyano na si Hesus ay pinako sa krus. Kaya ba namatay ang 1/3 ng Diyos sa pangyayaring iyon?

- Kung ipinanganak si Hesus mula kay Maria, ipinanganak ba ang Diyos mula sa isang babae sa mundo?

Kung si Hesus ay 1/3 ng Diyos, dapat ay lahat ng kaalaman ay nasa kanya, tama ba?

Subalit sa aklat ng **[Markos 11:12-14]**, habang naglalakad si Hesus sa Bethany at nagugutom, nakita niya ang isang puno ng igos. Lumapit siya, ngunit wala itong bunga sapagkat hindi pa panahon ng bunga, at kanyang isinumpa ang puno.

Tanong: Kung si Hesus ay may ganap na kaalaman bilang Diyos, bakit hindi niya alam na walang bunga ang puno hanggang lumapit siya?

Kung ang kahalagahan ni Hesus ay dahil ipinanganak siya nang walang ama, bakit hindi sinasamba ng Kristiyano si Adan, na ipinanganak nang walang ama at ina?

MAGKAPANTAY AT WALANG SIMULA (CO-EQUAL & CO-ETERNAL)

May dalawang paraan upang ipakita sa Kristiyano na may lohikal na mali sa ideya ng 3 diyos na magkapantay at walang simula:

PARAAN 1: LOHIKAL NA PATUNAY

Sa simbahan tuwing Linggo, paulit-ulit na sinasabi na ang Ama, ang Anak (Hesus), at ang Espiritu Santo ay co-equal at co-eternal.

Kung tunay ngang magkakapantay at walang simula, kung ang Ama ay nagnanais na magkaroon ng lindol, kailangan ba niya ang pahintulot ni Hesus at ng Espiritu Santo? May pagpupulong ba bago gumawa ng desisyon?

Kung OO, nangangahulugan na ang Ama, na dapat ay malaya, ay nakadepende kay Hesus at sa Espiritu Santo. Mali ito lohikal.

Kung HINDI, tinatanggihan nito ang pangunahing doktrina na magkapantay at co-eternal ang bawat miyembro ng Trinidad.

Isang halimbawa: Kung tatlong magkakabahagi ang may-ari ng negosyo, maaari bang ibenta ng isa ang sasakyan ng negosyo nang hindi pumapayag ang dalawa? Hindi. Kung pantay

ang lahat, kailangan ang konsentimento ng bawat isa.

Ganito rin sa Trinidad: Kung bumuhos ang ulan, kailangan ba ang pahintulot ng Anak para bumuhos, ayon sa prinsipyo ng co-equal? Kung oo, hindi independyente ang Ama. Kung hindi, hindi sila tunay na co-equal.

Ang lohikal na pagtutol na ito ay maaari ring gamitin laban sa Hinduismo, dahil ang polytheism (maraming diyos) ay may parehong lohikal na problema, mapa-3 diyos man o 300 diyos.

PARAAN 2: ANG KAWALAN NG DOKTRINA NG MAGKAPANTAY AT WALANG SIMULA SA BIBLIA

Tulad ng nabanggit sa itaas, upang maging Kristiyano, kailangang maniwala nang matibay na ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo ay magkapantay at walang simula. Kung hindi mo ito pinaniniwalaan, itinuturing kang erehe, deviant, o hindi Kristiyano.

Ngunit, isang mahalagang punto: sa buong Bibliya, walang malinaw na talata na nagsasabing ang tatlo (Ama, Anak, at Espiritu Santo) ay magkapantay at walang simula.

Dapat ba hindi malinaw ang isang banal na aklat sa pangunahing paniniwala ng relihiyong ipinapahayag nito?

Kung ikukumpara sa Islam at Quran: ang doktrina ng Islam ay Tauhid (Pagkakaisa ni Allah) at hindi tatlong diyos gaya ng Kristiyanismo. Ang posisyon ng Islam ay malinaw na nakasaad sa Quran, sa kabanata 112, “Ang Kabanata ng Katapatan,” kung saan sinabi ni Allah:

- Sabihin: Siya ay Allah na Isa
- Allah ay Walang Hanggan
- Siya ay hindi nanganak at hindi ipinanganak
- At wala Siyang kapantay

Malinaw na nakasaad ang posisyon ng Islam, na dapat ay katangian ng isang banal na aklat: kalinawan at hindi kalituhan.

Upang ilarawan ang kakulangan ng kalinawan sa Kristiyanismo, tingnan ang kasaysayan:

Humigit-kumulang 300 taon matapos ang ipinapalagay na krusipiksyon ni Hesus, si Constantine ay naging emperador ng Constantinople (modernong Istanbul, Turkey) at ipinahayag ang kanyang pagiging Kristiyano

upang makakuha ng suporta. Agad siyang sinuportahan ng mga Kristiyano, at lumawak ang kanyang imperyo. Ngunit nagkaroon siya ng suliranin mula sa loob.

Isa sa mga unang Ama ng Simbahan, si Arius, ay naniniwala na ang Ama ay higit kaysa sa Anak (Hesus) at hindi sila magkapantay. Samantala, si Athanasius, isa ring unang Ama ng Simbahan, ay naniniwala sa ideya ng co-equality.

Upang maiwasan ang pagkakabahagi at panghihina ng kanyang imperyo, tinawag ni Constantine ang isang pagpupulong noong 325 AD, na naging kilala bilang Konseho ng Nicaea.

Dito, inimitahan ang mga obispo upang bumoto pabor o laban sa prinsipyo ng “magkapantay at walang simula,” dahil walang konkretong ebidensya sa Bibliya na sumusuporta rito.

Maraming obispo ang pinilit bumoto pabor sa ideya sa pamamagitan ng banta ng pagpapalayas. Halimbawa, si Arius, na nanguna sa grupong tumutol (tinawag na Arians), ay hindi sumang-ayon at pinalayas.

Samakatuwid, ang pangunahing paniniwala sa Trinidad ay hindi matatagpuan sa Lumang Tipan, at wala rin sa Bagong Tipan!

Tanong: Gusto ba ni Allah na maniwala ang tao sa isang bagay na hindi malinaw at hindi tiyak?

7.2. Yung Naniniwala na si Hesus (Sumakanya nawa ang Kapayapaan) ay hindi Diyos kundi isang Propeta (Ang Huling Propeta) AT yaong naniniwala na ang Ama ay higit kaysa sa Anak (ang huling propeta) at sa gayon ay hindi naniniwala sa propetismo ni Muhammad (Sumakanya nawa ang Kapayapaan).

Ibig sabihin nito, sa isang paraan, hindi sila tunay na 'Kristiyano', ngunit sa anumang kaso, ang pagtutol dito ay matatagpuan sa patunay ng Quran. Ang sinumang sumusunod sa ganitong paniniwala ay kailangang pabulaanan ang pagiging tunay ng Quran o makahanap ng dahilan/paliwanag sa alinmang himala na ipinapakita ng Quran.

8. PATUNAY NG QURAN

Ang patunay ng Quran ay pangunahing matatagpuan sa dalawang bagay:

1. Kapag ang pananagutan ay nasa kabilang panig upang pabulaanan ang Quran.
2. Kapag ang pananagutan ay nasa Muslim upang patunayan ang Quran.

Anuman ang pamamaraang gagamitin, itatampok ang mga patunay ng Quran, dahil ang mga Muslim ay hindi kailangang umiwas sa ganitong pananagutan.

Isang kilalang paraan ng pagsusuri sa Quran ay nakabatay sa apat na mahalagang salik.

8.1. Hamon sa Pagkakopya

Ang Quran mismo ay hamon sa sangkatauhan. Hinahamon ng Quran ang lahat na makagawa ng isang surah, o kahit na bahagi lamang nito, at itapat ito sa Quran **[Kabanata 2: Talata 23]**.

Dahil naniniwala ang mga hindi Muslim na si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay isang sinungaling na lumikha ng Quran, sila ay hinahamon na makagawa ng

kahit isang surah o bahagi nito na katulad ng nasa Quran. Hinahamon ng Quran ang lahat na patunayan ang kanilang paniniwala.

Kung naniniwala ka na ang Quran ay salita ni Allah (Diyos), ibig sabihin, ikaw ay isang Muslim. Ngunit tandaan: sinabi sa Quran na tanging Islam lamang ang tunay na landas. Kaya hindi mo maaaring sabihing, “Oo, ito ang salita ni Allah, pero hindi ako Muslim.” Parang sinasabi mo na tama ang $1+1=2$, ngunit pinaniniwalaan mo na $2-1=3$ —lohiya na mali.

8.2. Pangangalaga

QURAN

Hanggang ngayon, ang Quran lamang ang natatanging banal na aklat na nanatiling hindi nagbago. Ito ay isang hindi matatawarang katotohanan sa kasaysayan. Ang Quran ay pinangalagaan sa pamamagitan ng nakasulat na teksto at sa puso ng mga tao. Ang mga batang edad 4 o 5 ay nakakayang memorize ang buong Quran mula simula hanggang katapusan, kaya walang pagkakataon para ito ay baguhin.

TORAH

Gayunpaman, ang Torah, na ipinadala kay Moises (sumakanya nawa ang kapayapaan), ay

lubos na nawala, na pinatutunayan ng katotohanang noong panahon ni Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan), mayroong apat (4) na magkakaibang bersyon ng Torah.

Bukod dito, ang Torah (Lumang Tipan) ay sinasabing iniingat sa kaharian ng Judah, sa tinatawag na “Bahay ng Panginoon”. Sa kasaysayan, ang Bahay ng Panginoon ay nasira ng dalawang beses: unang beses ng hari ng Ehipto, at pangalawa ng hari ng Israel. Pagkatapos nito, wala nang bakas ng Torah, at ito ay kinumpirmang nasira.

Ngunit, kahanga-hanga (o kahina-hinala) na 18 taon matapos ang pag-akyat ni Haring Josiah, inangkin ng mataas na pari na si Hilkiyah na natagpuan niya ang Torah sa parehong gusali, na hindi naman matagpuan ng iba pang nakakita roon [**II Kings Kabanata 22 at Chronicles Kabanata 34**]. Lohikal itong imposibleng mangyari. Mas malamang na si Hilkiyah mismo ang nagloko at gumawa ng dokumento, at inangkin lamang na natagpuan niya ito.

BIBLE

Samantala, ang Bibliya ni Hesus ay malinaw na wala na sa modernong panahon. Ang wikang ginagamit noon ay Aramaic, at wala nang bakas nito ngayon.

Sa halip, mayroon tayong Bagong Tipan, na binubuo ng mga aklat na isinulat ng mga tao tulad nina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan. Ang mga aklat na ito ay hindi mula sa Diyos, kundi isinulat ng mga nabanggit na indibidwal, na sinasabing mga disipulo ni Hesus.

Ang argumento kung bakit tinatanggap ang mga aklat na ito bilang modernong Bibliya ay ang teorya na sa pagsulat nila ng mga ito, sila ay tinutulungan ng Banal na Espiritu, kaya itinuturing na banal ang kanilang mga isinulat.

TANDAAN: Sina Luke, John, Mark, at Mathew, na inaakda ang mga Ebanghelyo sa kanila, ay hindi mga disipulo ni Hesus! Sila ay mga mananaliksik na nagkataong may parehong pangalan! Wala ring ebidensya ang mga iskolar ng Kristiyanismo upang patunayan ang kabaligtaran.

8.3. Pagkakasalungatan

Hanggang ngayon, wala pang sinuman ang nag-angkin na mayroong kontradiksyon sa Quran. Sa kabila ng pamumuhay sa isang henerasyon ng agarang pananaliksik dahil sa internet, WALA pang nakakita ng kontradiksyon sa Quran. Sa maraming nobela, nagsisimula ang may-akda sa pamamagitan ng paghingi ng paumanhin sa anumang pagkakamaling maaaring nagawa niya sa libro. Ang Quran, gayunpaman, ay nagsisimula sa pagsasabing walang anumang pagkakamali ang Quran.

[Quran: Kabanata 2: Talata 2]

Hindi mo makikita sa isang bahagi ng Quran na $1+1 = 2$, samantalang sa ibang bahagi ay sinasabi na $1+1 = 3$.

Sa kabilang banda, kung titignan natin ang mga aklat na kasama sa Bibliya, mayroong malinaw na pagkakamali sa paglalahad ng ilang pangyayari.

Ang account ng Kristiyano tungkol sa sinasabing krusipiksyon ni Jesus ay inilalarawan si Judas bilang kontrabida ng kuwento. Siya ang taong responsable sa pagbunyag ng pagkakakilanlan ni Jesus, na humantong sa sinasabing krusipiksyon.

Kaugnay sa sub-topic na ito, ay ang magkaibang paglalahad tungkol sa kapalaran ni Judas pagkatapos noon.

Ang Aklat ni **Mateo [27:3-8]** ay nagsasabi na si Judas ay nakaramdam ng pagsisisi matapos ang sinasabing krusipiksyon, kaya't itinapon niya ang perang tinanggap bilang suhol sa pagbunyag sa kinaroroonan ni Jesus at nagpakamatay pagkatapos noon.

Samantalang sa **Aklat ng Mga Gawa [1:18]**, nakatala na si Judas ay bumili ng isang bukirin gamit ang perang tinanggap bilang suhol, at habang pumapasok sa bukirin, siya ay nadulas at namatay nang lumabas ang kanyang mga bituka.

Ito ay malinaw na kontradiksyon, at malaking kaibahan sa mga account na ibinigay. Kung ang mga manunulat ng mga aklat ay tinulungan ng Banal na Espiritu, maaari bang magkamali ang isang miyembro ng Trinidad sa pagbibigay ng magkaibang account ng huling kapalaran ni Judas sa dalawang manunulat na nabanggit?

Maari bang tanggapin ang isang aklat bilang banal na may ganitong malinaw na kontradiksyon?

8.4. Mga Himala

8.4.1. Mga Medikal na Himala

Malinaw na inilalahad ng Quran ang mga yugto ng embriyolohiya ng tao; tinutukoy ang bawat yugto ng pagsilang ng tao, at higit pang ipinaliwanag ang embryo [**Kabanata 23: Mga Talata 12-14**].

Sa huling bahagi lamang ng 1800s nakaya ng mga eksperto sa medisina, gamit ang teknolohiya, na matukoy ang bagay na ipinaliwanag ng Quran halos 1250 taon bago iyon.

Paano maaaring mangyari na isang tao (si Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan) ay inaakusahan na siya ang sumulat ng ganitong impormasyon, samantalang nabubuhay siya sa isang disyerto na walang anumang access sa kaalaman?

8.4.2. Mga Prediksyon

Sa panahon kung kailan ang Imperyong Persiya ang pinakamakapangyarihan, hinulaang ng Quran na tatalunin ng mga Romano ang mga Persiya sa loob ng 9 na taon. **[Kabanata 30: Mga Talata 2-4].**

Ito ay isang himala, na kung hindi nangyari, agad nitong mapapatunayang mali ang Quran. Sa ngayon,

maaari na nating asahan ang nangyari: Natalo ng mga Romano ang mga Persiya.

Ito ay isang himala na, kung iisipin nang mabuti, ay tunay na kahanga-hanga. Madali lamang magsabi sa isang tao sa kalye na balang-araw ay magiging mayaman siya. Dahil walang itinakdang panahon, may sapat na oras para maging totoo ito.

Sa kabilang banda, kung sasabihin mo sa isang tao sa tabi ng kalsada na sa loob ng itinakdang panahon, halimbawa, 9 na taon, siya ay magiging napakayaman, mayroong malaking pressure na kasama. Kapag nabigo siyang yumaman sa takdang panahon, agad na mapapatunayang mali ang hula, at ang pag-angkin ng aklat bilang banal ay mawawala.

Mahalagang tandaan, noong panahong ginawa ang pahayag, napakahina ng mga Romano, kaya para na ring hinulaan na ang isang sanggol ay malalabanan ang isang batikang mandirigma.

Higit pa rito, itinala ng mga aklat ng kasaysayan na makalipas ang 8 taon, tila imposibleng magtagumpay ang mga Romano sa pagtalo sa mga Persiya. Ngunit kaunti lamang pagkatapos noon, alinsunod sa hula ng Quran, na tagumpay sa loob ng 9 na taon, nagtagumpay ang mga Romano.

8.4.3. Agham

Tinukoy ng Quran ang tahanan ng gagamba bilang “*ang pinakamarupok sa lahat ng mga tahanan.*” **[Kabanata 29: Talata 41]**

Pagkatapos magtalik ng babaeng at lalaking gagamba, kung hindi agad makakatakas ang lalaki, kakainin siya ng babae. Karaniwan, ang isang tahanan ay itinatayo para sa proteksyon, ngunit sa kaso ng mga gagamba, ito ay itinatayo upang wasakin ang sinumang papasok dito. Ito ay isang himala ng Quran.

Dagdag pa rito, sinasabi ng Quran na ang babaeng gagamba ang responsable sa paggawa ng tahanan. Pinatutunayan ngayon ng agham na tunay ngang ang babaeng gagamba ang mas malakas sa dalawa. **[Kabanata 29: Talata 41]**

Ang Quran ay puno ng mga himala, napakarami upang mailista sa isang maikling aklat. Ngunit ang mga nabanggit sa itaas ay ilan lamang sa napakaraming himalang dapat pagnilayan ng sinumang mambabasa.

Pag-isipan ito. Maaari bang may sinumang mag-angkin na, 1446 taon na ang nakalilipas, isang taong ayon sa

kasaysayan ay hindi marunong sumulat, ay nakasulat ng isang napakaganda at kamanghamanghang aklat?

Ikaw, bilang isang mambabasa, ay binigyan ng kamalayan, sa halip na gamitin ito upang magtanggol o magtangga, gamitin mo ito sa pagninilay at pagninilay-nilay.

Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nilibak dahil sa pagkamatay ng kanyang dalawang anak na lalaki noong sila ay mga sanggol pa. Ang mga di-mananampalataya noon ay nagsasabi na siya ay parang hayop na walang buntot, na ang kanyang lahi ay mawawala dahil wala siyang anak na magpapatuloy ng kanyang pangalan.

Pagkatapos nito, ipinahayag ang mga talata ng Quran na nagsasabing ang mga nanunuya sa Propeta ay malilimutan, samantalang ang pangalan ng Propeta ay mananatiling alaala magpakailanman.

Sa kasalukuyan, isang katotohanang pandaigdig na ang pinakakaraniwang pangalan sa mundo ay “Muhammad.”

Ang lalaking minsang pinagtawanan, ininsulto, at nilait, ay siya ngayong kinikilalang pinakamaimpluwensyang tao na nabuhay kailanman.

9. KONGKLUSYON

Ang paksa tungkol sa mga relihiyon, kapag tiningnan kaugnay ng iba, ay isa sa mga pinakamahirap ipaliwanag sa limitadong mga salita. Dahil dito, ginawa namin ang aming makakaya upang maibigay lamang ang isang maikling buod ng mga bagay na sa palagay namin ay mahalagang ibahagi.

Taos-puso naming inaasahan na nagawa namin ito nang may paggalang, at walang anumang pagyayabang. Ang layunin ng buhay ay hindi ang pag-iipon ng kayamanan, kundi ang paghahanap ng tunay na landas. Nawa'y tayong lahat ay patnubayan tungo sa landas na iyon. Aameen.

Para sa mga na-inspire ng aklat na ito at nagnanais tumanggap ng Islam, hinihikayat namin kayong pumunta sa pinakamalapit na Masjid (sambahan ng mga Muslim) at makipag-usap sa Imam (pinuno ng Masjid). Maikli lamang ang proseso ng pagtanggap sa Islam, ngunit hindi ito dapat isagawa nang mag-isa, kundi sa gabay ng isang bihasang Imam na makakatulong sa proseso.

Tiwala kami na halos bawat mambabasa ay nakakakilala ng kahit isang mosque sa kanilang lugar, o kahit isang Muslim na makapagtuturo sa inyo ng pinakamalapit na mosque sa inyong nasasakupan.

Kung sakaling hindi ninyo matagpuan pareho, ang aming email address ay nakalagay sa pabalat ng aklat para sa karagdagang tulong.

Para naman sa mga bumabasa ng aklat na ito para lamang sa layuning pang-akademiko, hinihikayat namin kayong basahin ito sa ibang pananaw, basahin ito nang may layuning maghanap, at hindi lamang matuto.

At para sa mga bumabasa nito upang manlait o tuyain ang relihiyon sa pamamagitan ng paghahanap ng mga paniniwalang tila hindi makatuwiran sa isip ng tao, para sa inyo ay sinasabi namin: Nawa'y patnubayan kayo ni ALLAH (Diyos).

At sa huli, para sa mga Muslim, maging sila man ay mga bagong Muslim o matagal nang Muslim, nawa'y panatilihin tayo ni Allah (Diyos) sa tuwid na landas at gawin tayong kasangkapan sa paggabay sa iba. Aameen.

**Kung mayroon kayong mga katanungan
tungkol sa Islam, huwag mag-atubiling
makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan
ng:**

**WhatsApp: +27 61 625 6070 (SOUTH
AFRICA)**

Email: theabuzaydinstitute@gmail.com

What is Islam? (Filipino Translation)

October 2025

The Abu Zayd Institute

**English translation proof read by: The
Majlisul Ulama of South Africa**

**Filipino Translation by: Moulana Abdurraouf
Oaufiee**

Cover page artwork: Y Areff

Contact details

Cell No: +27 61 625 6070 (South Africa)

Email: theabuzaydinstitute@gmail.com

Website: www.abuzayd.org.za